Republika ng Pilipinas
Tanggapan ng Pangulo

# KOMISYON SA WIKANG FILIPINO

RELEASED
MAR 24 2015
DEPED-CAR Time:

13 Pebrero 2015

**Dr. ELLEN B. DONATO, CESO III**
Direktor IV
Kagawaran ng Edukasyon, CAR
Wangal, La Trinidad, Benguet

Mahal na Direktor Donato:

Malugod na ipinababatid ng Komisyon sa Wikang Filipino sa ilalim ng Tanggapan ng Pangulo ng Pilipinas na kasalukuyan itong naglulunsad ng malawakang **implementasyon ng Executive Order Blg. 335** na nilagdaan ni Dating Pangulong Corazon C. Aquino noong 25 Agosto 1988. Itinataguyod ito ng KWF tungo sa mahusay na paggamit ng wikang Filipino sa lahat ng mga kagawaran, kawanihan, opisina, ahensiya, at instrumentalidad ng pamahalaan.

Para sa inyong kaalaman, ang implementasyon ng Executive Order Blg. 335 ay suportado ng Memorandum Sirkular Blg. 2014-62 mula sa Kagawaran ng Interyor at Pamahalaang Lokal, Patalastas Blg. 7 s. 2014 mula sa Komisyon sa Serbisyo Sibil, at Memorandum Pangkagawaran Blg. 9 s. 2015 ng Kagawaran ng Edukasyon upang mahikayat ang lahat ng Punong Lalawigan, Punong Lungsod, Punong Bayan, Punong Barangay kasama ang lahat ng kawani ng pamahalaang lokal gayundin ang pinuno ng institusyong konstitusyonal, mga kagawaran at ahensiya ng pamahalaan, mga korporasyong pag-aari at kontrolado ng pamahalaan, at pampamahalaang pamantasan at kolehiyo na lumahok sa mga pagsasanay sa pagsulat ng Korespondensiya Opisyal at Masinop na Pagsulat upang matiyak ang mahusay na paggamit ng Wikang Filipino sa lahat ng kagawaran, opisina, kawanihan, ahensiya, at instrumentalidad ng pamahalaan.

Ang pagdalo ng mga kinatawan ay sa opisyal na oras at ang gastos para sa transportasyon, pagkain, at handouts ay manggagaling sa pondo ng rehiyon, sangay, o tanggapan na sasailalim sa pagsasanay sa pasubaling ito'y dadaan sa kaukulang pagtutuos at pag-aawdit.

Para sa iba pang detalye, mangyaring makipag-ugnayan kay Jomar I. Cañega o Pinky Jane S. Tenmatay sa telepono blg. (02) 736-2525 loc 105 o jinocanega@gmail.com at tenmataypinkyjane@rocketmail.com. Asahan din ninyo na tatawag kami sa inyong tanggapan upang mabatid ang inyong tugon.

Mabuhay kayo at nagpapasalamat kami sa inyong patuloy na tangkilik sa wikang Filipino.

Sumasainyo,

**VIRGILIO S. ALMARIO, NA**
Tagapangulo

2/F Watson Building, 1610 JP Laurel Street, San Miguel, 1005 Maynila
(02) 736.2525/24; 736.2519; 734.5547; 736 3830; 733.7260; 516.0326
www.kwf.gov.ph komfil.gov@gmail.com

Republic of the Philippines
Department of Education
CORDILLERA ADMINISTRATIVE REGION
Wangal, La Trinidad, Benguet

March 24 , 2015

**To: Tagapamanihala ng mga Paaralang Pansangay**
**Lahat ng Dibisyon**

Para sa inyong kaalaman at impormasyon.

**ELLEN B. DONATO, Ed.D., CESO III**
Director IV